



4 OKTUBRE 2026 • IKA-27 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON • TAON A



HESUKRISTO, ANG BATONG PANULUKAN NG SIMBAHAN, ANG BAGONG BAYAN NG DIYOS

Ngayong Ika-27 Linggo sa Karaniwang Panahon, ipinapaalala sa atin ng Mabuting Balita ang pagmamahal at pagtitiwala ng Diyos sa atin. Tulad ng may-ari ng ubasan, ipinagkakatiwala Niya sa atin ang Kanyang mga biyaya at inaasahan Niyang mamunga tayo ng kabutihan. Si Hesus, ang Anak na itinakwil sa talinghaga ay ipinako sa krus, at muling nabuhay at naging Batong Panulukan ng Simbahan, ang Bagong Bayan ng Diyos. Sa pagdiriwang na ito, hilingin nating matulad kay Hesus na nanatiling tapat sa Diyos at mamunga ng pag-ibig, katarungan, at kapayapaan.



PASIMULA

PAMBUNGAD

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Dahil sa 'yong kalooban
na hindi malalabanan,
sanlibuta'y umiiral.
Langit, lupa'y 'yong kinapal.
Diyos ka ng sanlibutan. *(Es 13, 9, 10-11)*

PAGBATI

P—Ang biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos
Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo
ay sumainyong lahat.

B—At sumaiyo rin.

PAGSISISI

P—Mapagmahal na inaalagaan tayo ng
Diyos, ngunit hindi natin laging naibibigay
ang mga bungang inaasahan Niya. Buong
pagpapakumbaba nating aminin ang ating

mga kasalanan, lalo na ang mga kabutihang
hindi natin nagawa. (Sandali ng katahimikan.)

**Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos
at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong
nagkasala** *(Ang lahat ay dadagok sa dibdib.)*
**sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking
pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal
na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel
at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na
ako'y ipanalangin sa Panginoong ating
Diyos.**

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang
Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan,
at patnubayan tayo sa buhay na walang
hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

This issue of Misalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAPURI

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamat ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos,
Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka’t ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

PANALANGING PAMBUNGAD

P – Ama naming makapangyarihan,
ang iyong dakilang pagkamaawain
ay nangingibabaw
sa aming ginagawang kabutihan at idinadaing
na mga kahilingan.
Ang kagandahang-loob mo sa amin ay gawin
mong mag-umapaw
upang ang kasalananang ipinangangambang ihingi
ng kapatawaran
ng budhi naming takot na ikaw ay lapitan
ay iyong patawarin nang lubusan
at ang ipinag-aalangan naming hilingin
sa pagdarasal
ay iyong pagbigyang aming makamtan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang
hanggan.
B–Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa

Isa 5, 1-7

Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias
Ako ay aawit sa sinta kong mahal
tungkol sa nangyari sa kanyang ubasan:
Mayroong ubasan ang sinta kong mutya

sa libis ng bundok na lupa’y mataba;
Hinukayan niya’t inalisan ng bato
at saka tinamnan ang nasabing dako;
Mga piling puno ng mabuting ubas
itananim niya sa nasabing lugar;
Sa gitna’y nagtayo ng isang bantayan
at nagpahukay pa ng sadyang pisaan.
Pagkatapos nito ay naghintay siya
na ang kanyang tanim ay magsipamunga.
Ngunit ano ito? Pagdating ng araw
ang kanyang napitas ay ubas na ligaw.
Kaya’t kayo ngayon, taga-Jerusalem,
at gayon din kayo, mga taga-Juda,
kayo ang humatol sa aming dalawa:
Ako, at ang aking ubasan.
Ano pa ang aking nakaligtaang gawin
sa aking ubasan?
Bakit nang ako’y mamitas,
sa itanim kong mabubuting ubas,
ang nakuha ko ay ubas na ligaw?
Kaya’t ito ngayon ang gagawin ko
sa aking ubasan:
Papatayin ko ang mga halamang
nakapaligid dito.
Wawasakin ko ang bakod nito.
Hahayaan kong ito’y mapasok at sirain
ng mga ilap na hayop.
Pababayaan ko itong lumubog sa sukal,
mabalot ng tinik at dawag;
di ko babawasin ang sanga’t dahong labis,
di ko pagyayamanin ang mga puno nito;
At pati ang ulap ay uutusan ko na huwag
magbigay ng ulan.
Ang ubasang ito’y ang bayang Israel, at ang
Panginoon naman ang siyang nagtanim;
ang mga Judiong kanyang inaruga
ang mga puno ng ubas.
At kanyang hinintay na ito’y gumawa
ng mabuti ngunit naging mamamatay-tao,
Inaasahang magpapairal ng katarungan
ngunit panay pang-aapi ang ginawa.

Ito ang Salita ng Diyos.
B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan Sal 79, 9, at 12. 13-14. 15-16.
19-20

B – Panginoon, iyong tanim
ang ubasan mong Israel.

R. M. Velez





- * Mula sa Egipto,
ikaw ang naglabas ng puno ng ubas,
saka itinanim
sa lupang dayuhan, matapos
ang tao roo'y palayasin.
Hanggang sa ibayo,
sa ibayong dagat, ang sangang
malabay nito'y nakaabot,
pati mga ugat humabang mabuti't
umabot sa Ilog. **B.**
- * Bakit mo sinira?
Sinira ang pader, kung kaya
napasok nitong dumaraan,
pinipitas tuloy yaong bunga
nitong tanim na naturan.
Mga baboy damong
nagmula sa gubat, niluluray
itong walang pakundangan,
kinakain ito ng lahat ng hayop
pawang nasa parang. **B.**
- * Ika'y manumbalik,
O Diyos na Dakila! pagmasdan
mo kami mula sa itaas,
at ang punong ito'y muling pagyamanin,
at iyong iligtas.
Lumapit ka sana
ang puno ng ubas na itinanim
mo ay iyong iligtas
yaong punong iyon na pinalago mo't
iyong pinalakas! **B.**
- * At kung magkagayon,
magbabalik kami't di na magtataksil
sa 'yo kailanman,
kami'y pasiglahi't aming pupurihin
ang iyong pangalan.
Kami ay ibalik,
Panginoong Diyos, at ipadama
mo ang 'yong pagmamahal.
Iligtas mo kami at sa iyong sinag
kami ay tanglawan. **B.**

Ikalawang Pagbasa

Fil 4, 6-9

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalangin may

pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Sa wakas, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang. Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutuhan, tinanggap, narinig, at nakita sa akin. Kung magkagayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan.

Ito ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Aleluya

Jn 15, 16

B – Aleluya! Aleluya!
Hinirang tayo ni Kristo
upang mamungang totoo
bilang mabubuting tao.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita

Mr 21, 33-43

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B – Papuri sa iyo, Panginoon.

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga punong saserdote at matatanda ng bayan: “Pakinggan ninyo ang isa pang talinghaga. May isang taong nagtanim ng ubas sa kanyang bukid, at ito'y binakuran niya. Gumawa siya roon ng pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang mataas na bantayan. Pagkatapos, kanyang iniwan sa mga kasama ang ubasan, at siya'y nagtungo sa ibang lupain. Nang dumating ang panahon ng pitasan, pinapunta ng may-ari ng ubasan ang kanyang mga alipin upang kunin sa mga kasama ang kanyang kaparte. Ngunit sinunggaban ng mga kasama ang mga alipin; binugbog nila ang isa, pinatay ang ikalawa, at binato naman ang ikatlo. Pinapunta uli ng may-ari ang mas maraming alipin, ngunit gayon din ang ginawa ng mga kasama sa mga ito. Sa kahuli-huliha'y pinapunta niya ang kanyang anak na lalaki. ‘Igagalang nila ang aking anak,’ wika niya sa sarili. Ngunit nang makita ng mga kasama ang anak, sila'y nag-usap-usap: ‘Ito ang tagapagmana. Halikayo! Patayin natin nang mapasaatin ang kanyang mamanahin.’ Kaya't siya'y sinunggaban nila, inilabas sa ubasan at pinatay.

Pagbalik ng may-ari ng ubasan, ano kaya ang gagawin niya sa mga kasamang iyon?” Sumagot sila, “Lilipulin niya ang mga buhong

na iyon, at paaalagaan ang ubasan sa ibang kasama na magbibigay sa kanya ng kaparte sa panahon ng pamimitas.” Tinanong sila ni Hesus, “Hindi pa ba ninyo nababasa ang talatang ito sa Kasulatan?”

‘Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay

ang siyang naging batong panulukan.

Ginawa ito ng Panginoon,

at ito’y kahanga-hanga!’

Kaya nga sinasabi ko sa inyo: hindi na kayo ang paghaharian ng Diyos kundi ang bansang maglilingkod sa kanya nang tapat.”

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA

SUMASAMPALATAYA

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya

lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw
nabuhay na mag-uli.

Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan
ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay
at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

P – Ipinagkatiwala sa atin ng Diyos ang Kanyang ubasan at isinugo ang Kanyang Anak upang tayo’y iligtas. Buong tiwala tayong manalangin: Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.

B – Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.

* Para sa Simbahan: nawa’y akayin tayo ng ating mga pastol sa tapat at mapagkumbabang paglilingkod. Manalangin tayo sa Panginoon.

B.

* Para sa mga pinuno ng ating bayan at ng mga bansa: nawa’y mamuno sila nang may katarungan at malasakit, lalo na sa mga mahihirap at nangangailangan. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating Parokya, sa mga BEC at mag-anak nito: nawa’y mamunga ang ating buhay ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at awa. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating mga yumaong mahal sa buhay: nawa’y tanggapin sila ng Diyos sa Kanyang kaharian at pagkalooban ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

P – Ama naming mapagmahal, dinggin Mo ang aming mga panalangin. Tulungan Mo kaming mamunga ng kabutihan at maging tapat na tagapag-alaga ng Iyong mga kaloob. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

B – Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahain ng mga alay na iyong inihabilin at sa pagdiriwang ng dapat naming ganapin ang kabanalan ng iyong pagliligtas nawa’y sumaamin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PREPASYO VII

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan,
ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal.
Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang;
ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan.
Ang sugo mong Anak ay naging di na iba
sa amin

bagama't di niya tinularan ang aming
pagkamasuwayin.

Nilooob mo ito upang iyong mamalas
sa aming pagkatao ang giliw mong Anak
at kami'y tunghayan mong may pag-ibig
na tulad

ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat.
Ang katapatan niya sa iyong walang maliw
ay nagpanumbalik na muli sa amin
ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na
aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y naghubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo

Panginoong Diyos

ng mga hukbo!

Napupuno ang langit at lupa

ng kadakilaan mo!

Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito

sa ngalan ng Panginoon!

Osana sa kaitaasan!

PAGBUBUNYI

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos
mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas
mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

B— Ama namin . . .

P— Hinihiling namin . . .

B— Sapagkat iyo ang kaharian at ang
kapangyarihan at ang kapurihan
magpakailanman. Amen.

PAANYAYA SA KAPAYAPAAAN

PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

B— Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan,

maawa ka sa amin. (2x)

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan,**

ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis
ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad
ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat
na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita
mo lamang ay gagaling na ako.

ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting
nakahanda.)*

Ang Panginoon'y dakila
sa kabutihan n'yang kusa
para sa nagtitiwala
sa kanyang habag at awa
na kanyang dulot sa madla.

(Pan 3, 25)

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

P—Ama naming mapagmahal,
ipagkaloob mong sa pagsasalo namin
sa pagkai't inuming banal
kami ay maging Katawan ni Kristo
na aming pinakinabangan
sa pamamagitan niya
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGWAWAKAS

P— Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos:
Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen.

P—Humayo kayo sa kapayapaan at maging
kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos
para sa lahat.

B—Salamat sa Diyos.



Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molmog, D. Daguiro

• Marketing: M. Rodriguez, J. Manzano • Circulation: R. Saldua